MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.26 Nobyembre 2-8, 2020 P10.00



p. 7

RESPETO, DAPAT TAGLAYIN NG BAWAT TAO- IVANA ALAWI

# MANGGAGAWANG BACOOREÑO TUMANGGAP NG BISIKLETA MULA SA LOKAL NA PAMAHALAAN

pahina 2




**PINANGUNAHAN** ni Mayor Lani Mercado Revilla ang pagputol ng ribbon bilang hudyat sa pagbubukas ng 'Bike Lane' sa kahabaan ng Bacoor Boulevard kasama ang kanyang panganay na anak na si Bryan Revilla. ***RS***



**ABALA** ang mag-inang Revilla kasama ang iba pang opisyal sa ginawang pamamahagi ng mga bisikleta kaugnay ng programang BIKE WITH A HEART: Lingap Bisikleta para sa mga Manggagawang Bacooreno. ***RS***

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# MANGGAGAWANG BACOOREÑO TUMANGGAP NG BISIKLETA MULA SA LOKAL NA PAMAHALAAN

**BACOOR CITY---Araw ng Biyernes, Oktubre 30, inilunsad ang pagbubukas ng BIKE LANE sa kahabaan ng Bacoor Boulevard na pinangunahan ni Mayor Lani Mercado Revilla kasama ang kanyang panganay na anak na si Bryan Revilla. Ang pagpapasinaya na ito ay hudyat din ng pag-uumpisa ng UKBAS 2020 na apat na taon nang ginagawa sa lungsod.**

Ang UKBAS o ang Ugnayan ng Kapulisan, Barangay at Siklista ay may panawagan na umiwas ang mga Bacooreño sa ilegal na droga. Dahil sa pandemya, simbolikong pinasinayaan na lamang ang proyektong ito sabay sa pagbubukas ng BIKE LANE.

Matapos ang pagbubukas ng BIKE LANE, inilunsad ang ikalawang bahagi ng UKBAS 2020 na may pamagat na BIKE WITH A HEART: Lingap Bisikleta para sa mga Manggagawang Bacooreño. Ang Bike with a Heart ay proyektong handog ni Mayor Lani Mercado Revilla na kung saan ay makakatanggap ng bisikleta ang 165 frontliners and Bacooreño workers.

Ang napiling 165 beneficiaries ng Bike with a Heart ay resulta ng nominasyon mula sa mga kaibigan, kamag-anak, kapitbahay at katrabaho ng mga nominado. Sila ay nagpadala ng sulat para i-endorso ang kilala nilang manggagawa na nangangailangan ng bisikleta sa kanilang trabaho.

Ang mga benepisyaryo ng Bike with a Heart ay mga nurses, health workers, contruction workers, fastfood crew at ibang manggagawa sa lungsod ng Bacoor. Nakatanggap din ng bisikleta ang mga Frontliners na nagtatrabaho sa iba't ibang ospital sa lungsod.

Hindi sagka ang pandemya para hindi maituloy ang magandang layunin ng UKBAS 2020, kontra droga at kontra Covid-19!

## *Parak ang kinatalo…*

# 2 BINATILYO, GINAWANG 'DOROBO' INUTUSANG MANIKWAT SA LOOB PA NG PRESINTO

**GINAWANG 'dorobo, ng isang 31-anyos na lalaki ang dalawang binatilyo matapos utusang magnakaw at pulis pa ang kinatalo sa loob ng presinto sa Cavite City, Cavite.**

Ang dalawang menor-de-edad ay itinago sa mga pangalang John, 15; at Mark, 14, kapwa residente ng Cavite City at kasalukuyang nasa kustodiya ng Department of Social Welfare and Development.

Inaresto naman at ipiniit sa Cavite City Custodial Center si Rodolfo Cabutaje, binata, ng Pangiinan St. Brgy 42-B, Cavite City.

Itinuro ng dalawang binatilyo si Cabutaje na nag-utos sa kanila upang isagawa ang pagnanakaw.

Sa ulat ni PMSgt Jonathan Baclas, ng Cavite City Police Station, inutusan ni Cabutaje sina John at Mark na kunin ang OPPO cellphone na nakalagay sa loob ng bag pack sa loob mismo ng police station dakong alas-4:00 ng hapon.

Hindi inakala ng dalawang binatilyo na ang nasabing bag pack ay pag-aari pala ni Corporal Mark Eugene Millano na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Sa pagkakaaresto sa dalawa ay inginuso nila si Cabutaje na nag-utos sa kanila dahilan ng pagkakaaaresto sa huli. ***GENE ADSUARA***

# DBP bats for increased support to tourism industry

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** --State-owned Development Bank of the Philippines (DBP) is working closely with the Department of Tourism and tourism enterprises in formulating long-term solutions and interventions to help the industry rebound from the ill-effects of the prevailing public health emergency, a top official said.

In a dialogue with stakeholders, DBP President and Chief Executive Officer Emmanuel G. Herbosa said the bank is ready to provide needed resources to enable industry players to institute mechanisms that would rebuild trust in travel, seamlessly adapt to digital platforms, and innovate traditional offerings to spur demand.

"DBP has had a long history of collaboration with the tourism industry," Herbosa said. "We shall remain a steadfast partner in finding meaningful solutions to revive, revitalize and reinvent the tourism sector."

DBP is the seventh largest bank in the country in terms of assets and provides credit support to four strategic sectors of the economy – infrastructure and logistics; micro, small and medium enterprises (MSMEs); social services and community development; and the environment.

The tourism sector is an integral component of DBP's loan portfolio, with the bank disbursing more than P11.98-billion in credit assistance as of the first semester of 2020, which have benefitted around 178 tourism-related firms nationwide.

Herbosa said DBP's assistance for the tourism sector is lodged under two programs, namely the Retail Lending for Micro and Small Enterprises, which targets firms with an asset size of P15-million, and the Medium Enterprises and Other Business Enterprise Lending which caters to businesses with assets of up to P100-million.

He said distressed businesses may also avail of credit support under DBP's Rehabilitation Support Program on Severe Events, which could extend financing support for the rehabilitation efforts of both public and private institutions adversely affected by calamities.

"Moving forward, we must ensure that resources for the industry are channeled not just for recovery and rebuilding but also for enhancing the readiness and resiliency to combat sudden and debilitating fluxes in the economy," Herbosa said.

It is with great urgency that DBP commits to the development and progress of the tourism sector as the industry's gains have proven to cut across all segments of the social strata, he added. ***(PIA-4A/DBP)***

# Kartero ng PHLPost, pinuri sa kanyang katapatan

**LUNGSOD PASIG (PIA)** -- Ginawaran ng papuri kamakailan ng Philippine Postal Corporation (PHLPost) ang isa sa kanilang mga kartero dahil sa angking katapatan.

Ito'y matapos maibalik ni Roberto Brondo, isang kartero na nakatalaga sa Manila Central Post Office, ang isang pitakang kanyang nakita.

Agad namang ini-report ni Brondo sa kanilang tanggapan ng Human Resource ng PHLPost upang maimbentaryo ang mga laman ng pitaka bilang parte ng documentation process at agad ding nakipag-ugnayan ang mga awtoridad ng PHLPost sa may-ari ng wallet sa pamamagitan ng Facebook.

Ayon sa PHLPost, ang kanilang mga kartero katulad ni G. Brondo ay kilalang matapat at maaasahan sa kanilang sinumpaang serbisyo na maglingkod at maghatid ng sulat umulan man o umaraw.

Si Brondo ay nakatalaga sa Malacañang area sa Maynila upang maghatid ng sulat. Nagsimulang mamasukan si 'Bert' noong 2005 bilang casual employee hanggang sa maging regular at na-appoint bilang Senior Letter Carrier noong February 28, 2017.

Samantala, ayon sa may-ari ng pitaka na kinilalal na si Edward Alimangohan, naniniwala pa rin siya na ang mga kawani ng pamahalaaan lalo na sa PHLPost ay tapat sa kanilang tungkulin.

Bilang pagsaludo sa katapatan ni G. Brondo sa serbisyo, nagbigay ng Special Stamp Frame ang PHLPost Mega Manila Area na naglalaman ng limited edition ng Frontliners Stamps. Ang selyong ito ay nagbibigay pugay sa kabayanihan ng mga Frontline workers sa panahon ng pandemya.

Ayon pa rin sa PHLPost, ang mga kartero ay frontliners din at araw-araw ay exposed sa banta ng virus upang patuloy na tuparin ang kanilang tungkulin sa bayan. Kaya naman ibayong pag-iingat sa kalusugan ang isinasagawa nila sa pamamagitan ng pagpapatupad ng health at safety protocols sa lahat ng post offices nito sa bansa. ***(PIA-NCR)***

# DepEd, PSC magsasanib-puwersa sa pagbuo ng National Academy of Sports

**LUNGSOD CALOOCAN (PIA)** –Makikipagsanib-puwersa ang Kagawaran ng Edukasyon sa Philippine Sports Commission (PSC) sa pagpapatupad at pagbuo ng National Academy of Sports ngayong taon. upang makapagpaunlad ng mga natatanging mag-aaral sa larangan ng palakasan.

"Ang DepEd at ang PSC, sa katunayan, ay magkatuwang sa mga initial preparations para sa pagbubuo nito ng National Academy of Sports," pahayag ni Undersecretary for Field Operations, Palarong Pambansa Secretariat and DEACO Revsee Escobedo sa ginanap na Handang Isip, Handa Bukas Press Briefing noong nakaraang Biyernes.

Ibinahagi rin ni Escobedo na si Secretary Leonor Magtolis Briones ang magsisilbing Chairperson samantalang ang PSC Chair William 'Butch' Ramirez ang magiging Vice-Chairman ng institusyon.

"Ang layunin ng pagtatatag ng National Academy of Sports ay to implement a quality and enhanced secondary education program, integrated with a special curriculum on sports," dagdag ni Escobedo.

Naitatag ang NAS sa bisa nang paglagda ng Batas Republika Bilang 11470 o ang 'National Sports Academy Act' nitong Hunyo 9 upang magbigay ng daan sa mga mag-aaral ng sekondarya na nagnanais na maging propesyunal na manlalaro.

Bilang isang bagong strand sa sektor ng edukasyon, ang sistema ng NAS ay naglalayon ding magbuo ng natatanging curriculum para sa mga athletic scholars, makapagbigay ng dekalidad ng edukasyon para sa mga mag-aaral na may angking galing sa pampalakasan at mapag-isa ang lahat ng institusyong pampalakasan.

Ang sistema ring ito ay may intensyong magpaunald, magpalakas at mapag-isa ang mga bubuoing campus at makapagbigay ng mga world-class sports facility upang makapagpadala ng mga manlalaro sa ibang bansa.

"Hinahangad ng batas na ito ay magkaroon tayo ng world-class facilities kung saan dito magsasanay ang ating mga potential na mga manlalaro para sa Asian Games at Olympics," ayon kay Escobedo.

Para sa mga susunod na hakbang, ang organisasyon ay magbubuo ng NAS Road Map, pagtutuonan ng pansin ang pagsasaayos ng curriculum, pagtatag ng NAS Main Campus at paggawa ng operational manuals para mas maisayos ang sistema.

"Next year, ang pinagtutuonan natin ng pansin ay 'yong main campus muna. Ito ay nasa New Clark City at ito 'yong gagamitin munang main campus at 'yong naitayong track oval doon at saka 'yong swimming pool na ginamit during SEA Games ay ipapagamit muna ng BCDA [Bases Conversion and Development Authority] sa National Academy of Sports para maging training facility," dagdag pa ng opisyal.

Magkakaroon din ang NAS ng P1.85 bilyong inihaing pondo para sa 2021, kung saan ang P264 milyon ay para sa mga kawani at pagpapanatili ng pasilidad at P1.60 bilyon naman para sa capital outlay.

Ikinagalak naman ni Briones ang pagkadagdag ng NAS sa sektor ng edukasyon, kung saan makapagbibigay ito ng panibagong daan upang patuloy na maabot ng mga mag-aaral ang kanilang kagutustuhan.

"Sa ngayon, medyo kumpleto na ang ating [programs], mayroon na tayong mga science high schools, mayroon na ding hight schools for the arts, ngayon mayroon na tayong high school for sports," ayon sa Kalihim ng Edukasyon. ***(DepEd/PIA-NCR)***

# IWAS HULI SA TUPADA, TUMALON SA BANGIN

**KAMATAYAN** ang sinapit ng isang 47-anyos na lalaki nang pinili nito ang tumalon sa bangin upang hindi mahuli ng mga awtoridad dahil sa iligal na tupada sa Indang, Cavite.

Umabot ng mahigit isang araw bago natagpuan ang bangkay ng biktimang si Mary June Agsangre Flores, binata, driver, ng Brgy Tambo Kulit, Indang.

Sa ulat ni PSMSgt Arne Julian, ng Indang Municipal Police Station, huling nakitang buhay ang biktima kasama ang isang kaibigan noong Sabado ng umaga (Okt.24) patungo sa Roms Farm kung saan may isinagawang tupada sa lugar.

Hindi na nakita simula noon kaya ipinagbigay alam sa pulisya ang hindi nito paguwi sa kanilang bahay.

Pero dakong alas-12:50 ng tanghali nang nakatanggap ng balita ang mga kawani ng MDRRMO na nakita ang bangkay ng biktima ng kanyang kaibigan na si Bayani Rabulan sa isang ilog sa Bry Tambo Malaki.

Nabatid na noong Sabado ay nagsagawa ng operasyon ang Indang MPS at sinalakay ang tupada sa Roms Fram kung saan nakita ang biktima na tumalon sa bangin patungo sa ilog upang tumakas sa pagkakahuli ng awtoridad.

Inalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay ng biktima. ***GENE ADSUARA***

# Angkas sa motor, tigok

**NASAWI** ang isang 19-anyos na lalaki na nakaangkas sa motorsiklo na minamaneho ng kapatid nang banggain ang isang isang tricycle sa Tanza, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Emilio Aguinaldo Hospital (EAH) ang biktimang si Allen Algen Mejarito, 19, dahil sa tinamong mga sugat sa katawan habang sa isang ospital sa Laguna isinugod ang kapatid nitong si Michael Mejarito, 29, kapwa residente ng Brgy Nueva, El Venda Village, San Pedro City, Laguna.

Sa EAH din isinugod ang tricycle driver na nakilala lamang sa pangalang Espinosa.

Sa ulat ni PSSgt Israel Villeja, ng Tanza Municipal Police Station, bumabagtas ang motorsiklo at tricycle sa kahabaan ng Governors Drive sakop ng Brgy Tanauan dakong alas-4:00 ng hapon.

Magkaangkas ang magkapatid sa motorsiklong Suzuki Raider habang tricycle naman si Espinosa.

Pagsapit sa nasabing lugar nang banggain ang tricycle ng motorsiklo.

Dahil sa lakas ng pagkakabangga malubhang nasugatan si Allen na nakaangkas sa motorsiklo.

Pawang isinugod sa ospital ang tatlo kung saan namatay habang ginagamot si Allen. ***GENE ADSUARA***

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

# Gamutin, mga tsuper na may 'cancer'

**ANG** pagmamaneho ay isang prebelihiyo subalit bawal ito kung walang kaukulang lisensiya mula sa Land Transportation Office.

Nakadepende rin sa number code sa kung anong uri ng behikulo ang minamaneho.

Dalawang uri rin ang driver's license ang maaaring kunin sa LTO, professional o non-pro.

Bago makakuha ng pro o non-pro ay kailangang muna ang student license.

Kapag mayroon ng pro o non-pro ay lisensiya na ito para sa pagmamaneho ng tamang behikulo at uulitin natin ay dapat akma sa taglay na number code.

Nakakalungkot isipin na ang patuloy na pagtaas sa bilang ng vehicular accident ay dahil sa sinasabing nagiging maluwag na pagkuha ng lisensiya.

Ibigay na natin ang lahat ng paghihigpit sa pagkuha ng lisensiya na kumbaga ay mistulang dadaan sa butas ng karayom.

Sabihin na rin halimbawa na wala ng nagaganap na fixing sa aplikasyon ng driver's license.

Magagarantiya na kaya na kung hindi man mapipigilan ay napakalaki ang ibababa sa kaso ng vehicular accident?

Tanggapin natin ang katotohanan na kapag natuto ng magmaneho at nakakuha na ng lisensiya ay napakaraming driver ang nag-iiba ang pagkatao.

Sabi nga, sa sampung makakasabayan mo sa pagmamaneho ay masuwerteng dalawa o tatlo sa kanila ay disiplinadong tsuper.

Ang uri ng pagmamaneho sa mga lansangan ay nakadepende sa mga driver.

Masaklap kung ang driver ay maihahaluntulad sa isang sakit na tila kanser na.

Mahigpit man o maluwag ang pagkuha ng lisensiya ay hindi masasabing solusyon para sa tumataas na vehicular accident cases.

Marahil dapat ay gamutin ang mga tsuper na may 'cancer' sa pagmamaneho.

Kapag nagamot ang cancer na iyan ay tiyak na napakababang kaso ng aksidente ang maitatala.

## EDITORYAL

# Anak din ng Diyos

**DALAWA lamang ang kasarian ng tao, babae at lalaki.**

**Pero mayroong babae na pinipilit maging lalaki at meron ding lalaki na ginagawang babae ang sarili.**

**Ang tawag sa kanila ay bilang bakla at tomboy gayunman sila ay isang tao.**

**Kailangan ba silang sisihin at lalo na ay dapat pagkutya ang kanilang matatamo?**

**Lalaki o babae ka nga at hindi bakla o tomboy subalit ikaw ba ay nagpapakatao?**

**Kung kasalanan man ang pagiging bakla o tomboy ay sila ang may kagustuhan niyon.**

**Sila ang magbabayad ng kasalanang iyon at nakahanda ang kanilang sarili kung mayroon ngang kaparusahang nakalaan ang langit.**

**Tandaan lamang na sila ay anak din ng Diyos.**

**ADVERTISING RATES**

**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**

**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

# LGU Trece Martires goes digital for New Normal government system

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA)** -- The City Government here recently signed a Memorandum of Agreement (MOA) with the Multisys Technologies Corporation for a partnership in the development of the Smart City System.

In preparation for the New Normal, the system is a contactless transactions thru digitalized online system that will ensure more efficient, fast and convenient business dealings with the different departments of the city government.

The Smart City System offers services that include processing and payment of Business Permit, Business Tax, Real Property Tax, Birth Certificate, Cedula, Local Civil Registry, Occupational Rents and Health Certificate, and other payments.

Payments can be made thru over-the-counter via Bayad Centers, banks and online banking with affiliated banking establishments of BDO, BPI and Metrobank, via digital payments like Paymaya and GCASH, and debit or credit card payments.

In the near future, the city government subsidies like the Birhday Cash Gift, financial assistance, medical assistance and other services could be directly credited to the residents thru the system and all other possibilities will be explored to maximize the utilization of the system to better serve the people.

Mayor Gemma Lubigan led the virtual signing of the partnership agreement with Mr. Esconili Head Business Development of Multisys, and witnessed by Atty.Kim Moral, Councilor Aldrin Anacan, Acting City Admin Mr. Cabaya, and Vice Mayor Bobby Montehermoso on October 9, 2020.

"Looking forward po tayo sa launching nito at umaasa po tayo sa mabilis at epektibong serbisyo at kasiguraduhan para sa mamamayan ng Trece. Unti-unti ay makakamit na natin ang pagiging Innovative City at ang paggamit ng mabisang teknolohiya sa ating Lungsod," said Mayor Lubigan. ***(Ruel Francisco/Trece Martires City Information Office)***

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** roneje d@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# SC AFFIRMS JAIL TERM FOR MAN OVER 'PSYCHOLOGICAL ABUSE' OF WIFE

**MANILA – The Supreme Court (SC) has upheld the conviction of a man for "psychological abuse" he committed against his wife when he had an affair during their marriage.**

In a 20-page decision dated September 8 and released Tuesday, the SC's First Division, through Chief Justice Diosdado Peralta, affirmed the decision of the Las Piñas City Regional Trial Court (RTC) Branch 199 finding Jaime Araza guilty of violating Republic Act 9262 or the Anti-Violence against Women and their Children Act of 2004, sentencing him to six months to eight years imprisonment.

"The prosecution has established Araza's guilt beyond reasonable doubt by proving that he committed psychological violence upon his wife by committing marital infidelity," the court said as it also upheld the Court of Appeals' (CA) ruling on the case.

Araza and his wife, only named "AAA" in court records, married in 1989 at the Malate Catholic Church, and had a happy domestic life initially when the man was an overseas contract worker until 1993 when he joined his wife in his networking business.

Araza, however, had an affair when he went to Zamboanga for work which was discovered after his wife received text messages from persons informing her that he was having an affair.

She then filed a case for concubinage against her husband and the case was initially settled amicably.

However, sometime in 2007, Araza vanished, prompting his wife to seek the help of the National Bureau of Investigation (NBI). It turns out the man had once again returned to his lover.

The wife then sued for a petition for habeas corpus against the lover, thinking the mistress was detaining her husband illegally.

In ruling in favor of the husband's conviction, the court also required Araza to pay PHP125,000 in fines and moral damages and directed him to undergo mandatory psychological counseling or psychiatric treatment and to report his compliance. ***(PNA)***

# Lawyer disbarred for failing to honor housing loan deal

**MANILA** – A lawyer who failed to honor his promise to take over the payment of a house he bought from a government employee has been disbarred by the Supreme Court (SC).

In a 10-page decision dated Oct. 6 and released Tuesday, the court en banc found Glicerio A. Sampana guilty of misconduct and ordered his disbarment.

Sampana had been named in a complaint filed by Wilfredo Caballero, an employee of the National Food Authority (NFA), who transferred to Sampana his rights to a low-cost housing unit he obtained under a real estate loan from the Government Service Insurance System (GSIS) in 1997.

Due to financial constraints, Caballero agreed to have Sampana acquire the property for PHP60,000 with the condition that the lawyer would assume the obligation of paying the remaining monthly amortizations.

Despite several demands, Sampana failed to honor his side of the deal and in 2014, the GSIS issued its final demand on Caballero informing him that his unpaid obligations now amounted to PHP2.98 million.

Caballero then initiated an administrative complaint against Sampana.

The Integrated Bar of the Philippines (IBP), finding respondent's conduct violative of ethical standards, initially ruled to impose on him the penalty of suspension from the practice of law for six months.

In dealing with the harsher penalty of disbarment, the court noted that it was not the first infraction made by the lawyer who had once been suspended for one year for his part in a double sale of a parcel of land.

Less than a year later, he was again penalized for irregularities in an annulment and adoption case he was handling.

"Considering his previous infractions, respondent should have adhered to the tenet of his profession with exceptional vigilance, He did not. On the contrary, his recent transgression is indicative of his propensity to commit unethical and improper acts that diminish the public's trust and confidence in lawyers in general," the court said. ***(PNA)***

# Filipinos sweep Southeast Asian 'Youth COVIDeo Contest'

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** --Three Filipinos won the top prizes of the Youth COVIDeo Contest of the Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA). Their videos bested 72 other entries from five countries.

The contest aimed to showcase how the youth played a part in local food production during the COVID-19 pandemic as part of SEARCA's Young Forces for Agricultural Innovation (#Y4AGRI) program.

Themed "Youth and Locally Grown Food," the contest sought video stories from Southeast Asian youth on how and why young people grow their food at home, in school or in the community during the COVID-19 pandemic.

Frontliner-turned-farmer Marcelino Padilla of Northern Samar bagged the top prize with his story of how he transitioned from being a nurse to pursuing his passion for farming. His winning video shows his remarkable journey and skill in practicing and promoting environmentally friendly, circular, and zero waste integrated farming system. At the onset of the community quarantine, he germinated his reserved seeds and distributed seedlings to neighboring communities together with the members of 4-H Club, a youth organization. His video also showcased the benefits of home gardening to his family and how he encouraged the youth in his community to engage in agricultural activities during the pandemic.

The second prize went to Myka Fragata of Nueva Vizcaya, who, along with her sister, told the story of Arapaap Farm, her family's passion project during the quarantine period. To ensure food and nutrition security for their family and community amid the COVID-19 crisis, they developed an idle land into a productive vegetable garden within three months. Her video gives a quick rundown of starting and sustaining a family farm.

Mr. Benson Cariñaga, a son of Albay, won both the third prize and the Popularity Award for the entry that garnered the most Facebook reactions. His video features the communal garden of Tinago Youth Volunteers (TYV) which was established during the community quarantine to promote local food security. His video shows TYV members providing practical tips in growing vegetables, composting, and harvesting.

The entries were evaluated by multimedia experts, agriculturists, and SEARCA experts and officials.

The top three winners and other finalists in the top 10 received cash prizes. A smart tablet was the prize for the Popularity Award.

"We are happy to see through your videos the different practices in growing food with your family and friends, and in promoting youth engagement in your community through productive activities in agriculture amidst the pandemic," said SEARCA Director Glenn B. Gregorio during the virtual awards ceremony.

Mr. Joselito G. Florendo, SEARCA Deputy Director for Administration, encouraged all participants to carry on with their involvement in agriculture, especially with their families and immediate communities.

He stressed that "our youth engagement agenda continues beyond this contest and we look forward to working with young people like you again in our efforts of engaging and empowering the youth in agricultural and rural development." ***(PIA-4A/SEARCA)***

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
City of Bacoor

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORP.,**
Mortgagee,

-versus-

**Foreclosure No. 2020-50**
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage

**ROLANDO REYESLAO married to CRISELDA DEBORAH REYESLAO**
Mortgagors,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee-assignee, **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORP**., of 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **ROLANDO REYESLAO married to CRISELDA DEBORAH REYESLAO** of #2 Duhat St., Justineville Subd., Bacoor, to satisfy the mortgage indebtedness which as of December 31, 2019 amounts to **ONE MILLION NINE HUNDRED FIFTY SEVEN THOUSAND TWO HUNDRED FORTY SIX PESOS & 26/100 (Php 1,957,246.26),** Philippine Currency, exclusive of penalty charges, the undersigned on her duly authorized representative will sell at public auction on **December 11, 2020 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all improvements therein, to wit:

***TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-354030***

*"A parcel of Land (Lot 44-B of the subd. plan. Psd-04-0447722, being a portion of Lot 44, Blk. 25, Pcs-04-001436, LRC Rec. No. ), situated in the Brgy. of Molino, Mun. of Bacoor, Prov. of Cavite. x x x containing an area of* ***EIGHTY FIVE (80) SQUARE METERS*** *" x x x*

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **December 18, 2020**, without prior notice.

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances if any there be.

City of Bacoor, October 12, 2020

**LIZA D. VICTA**
Clerk of Court VI

By:

**DEMETRIO T. VILLANUEVA, JR.**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**ATTY. DANTE Q. RIZADA**
5/F Filomena Bldg.104 Amorsolo St. Legaspi Village, Makati City

**Mr. and Mrs. ROLANDO REYESLAO & CRISELDA DEBORAH REYESLAO**
- #2 Duhat St., Justineville Subd., Bacoor, Cavite
- Camella Homes Springville III Lot 44-B Blk. 25 Bo. Molino, Bacoor, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** November 2, 9 and 16, 2020

# Southeast Asian center intensifies development support to Laguna province

**LOS BAÑOS, Laguna (PIA)** --The Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA) has formalized its ties with the Provincial Government of Laguna (PGL) this month to jointly pursue capacity development activities and exchange knowledge resources, including publications.

Laguna Governor Ramil L. Hernandez said SEARCA's focus on scientific inquiry, agricultural extension, and rural development is vital to Laguna's growth and development.

"We believe that SEARCA has the technical knowledge and skills to address the plight of our community. The Provincial Government of Laguna is willing to participate," he said.

This was affirmed by Congresswoman Ruth Mariano Hernandez of the Second District of Laguna, who said "we are looking forward for an open-collaboration to help our farming communities here in Laguna to add yield on their crops especially with your research on rice fortified with iron and zinc."

SEARCA Director Glenn B. Gregorio said the partnership with the Province of Laguna is an essential move to help the farmers and farming communities in the province.

Moreover, SEARCA also began a community gardens project in Los Baños, Laguna to help flower farmers in Brgy. Bayog, a major aster-growing area, to shift to growing good-quality food for their consumption and as an alternative source of income now that there is little demand for aster because of the COVID-19 pandemic.

In a launch event attended by Los Baños government officials led by Mayor Cesar Perez, SEARCA turned over seeds, fertilizer, and other farm inputs to Marcelino Aragon, Gerardo Banasihan, and Salvador Tordacilla, the three aster farmers involved in the project.

"As a post-crisis strategy, the project will be piloted on three farm lots sized 3,800 sq.m., 2,800 sq.m., and 2,000 sq.m. with a grant provided through the SEARCA Grants for Research towards Agricultural Innovative Solutions (GRAINS)," said Dr. Rico C. Ancog, SEARCA Emerging Innovation for Growth program lead.

"SEARCA will also provide technical support in terms of land and site preparation, planning the community garden design, and setting up and monitoring of the community garden," Dr. Ancog said. ***(PIA-4A/ SEARCA)***

# DAP offers Freedom of Information course

**MANILA** – The Presidential Communications Operations Office (PCOO), through the Freedom of Information Project Management Office (FOI-PMO), is launching its first online course on Freedom of Information – a first of its kind in the country.

Dubbed as the Freedom of Information: An Introduction, or simply the "FOI 101," the online course offers fundamental topics and discussions on the history of Access to Information (ATI) or Right to Information (RTI) both from a local and global perspective.

The course will also map the legal framework on the right to access information. More importantly, the online course will expound on the FOI Program and its implementation in the country, with a walkthrough of the Electronic FOI (eFOI) Portal as its digital platform.

"I hope Freedom of Information 101 would serve Filipinos with a stepping stone to exercise their right to ask for information, to start a dialogue in civic participation in governance, and to engage in the discourse of transparency and accountability in government", said PCOO Assistant Secretary and FOI program director Kristian Ablan during the online ceremonial signing of the memorandum of understanding (MOU) with the Development Academy of the Philippines (DAP) on Oct. 27, 2020.

DAP president and CEO Engelbert Caronan Jr. and Department of Science and Technology -Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (PCIEETRD) executive director Enrico Paringit, who were also present at the MOU signing, supported the FOI online course and hoped that it will be a fruitful learning experience to its enrollees.

The online course is powered by Project Smarter Philippines through Data Analytics Research and Development, Training, and Adoption (Project SPARTA) -- a joint initiative of the DOST, DAP, Analytics Association of the Philippines, and CourseBank.

The FOI 101 will be delivered by FOI specialists led by Ablan, with lawyer Mae Anne Sandoval and Ms. Pearl Iris Clemente.

The public can access this free online course at CourseBank (https://coursebank.ph/course). ***(PR)***

# Public, local execs warned of syndicate pretending to be DILG officials

**CALOOCAN CITY (PIA) --** The Department of the Interior and Local Government (DILG) is warning both the public and local government executives anew of a syndicate of extortionists and con artists posing as DILG senior officials and supposedly arranging for COVID-19 or emergency relief aid.

DILG Undersecretary and Spokesperson Jonathan Malaya said that they have received numerous reports from DILG regional and field offices and some LGUs that they have received calls or texts from con-artists and impostors pretending to be senior DILG officials, himself or his staff, offering to provide COVID-19 assistance and asking for money in return.

"Pinapayuhan po natin ang ating mga LGUs at ang publiko na mag-ingat sa mga walang hiyang mandurugas na sindikato na nagpapakilalang taga DILG at nangingikil ng pera kapalit ng umano'y ayuda," Malaya said.

"Kahit po ang inyong lingkod ay ilang beses ng ginamit ang pangalan para makapanloko. Kailanman ay hindi tayo nanghihingi ng pera sa kahit sinong Mayor, Vice Mayor, o kapitan kapalit ng serbisyo publiko na binibigay ng DILG," he added.

In a report to the DILG, Mayor Danilo M. Diamante of Tuburan, Cebu said he received repeated calls from someone who introduced himself as a DILG Undersecretary. The caller asked money from the mayor supposedly to cover for the shipping of 1,500 cavans of rice to be given as assistance to his town. The caller also supposedly instructed Mayor Diamante to pin a certain SB member for alleged involvement in illegal drugs which the latter vehemently denied.

The DILG Spokesperson also received similar reports from DILG CALABARZON Regional Director Ariel O. Iglesia, Mayor Rachel Ubana of Lopez, Quezon, Mayor Nacional V. Mercado of Maasin City, Southern Leyte; and Mayor Melina Requinto of Estancia, Iloilo

"Halos pare-pareho ang istilo ng sindikatong ito. Tatawag at magpakilalang taga DILG, magbibigay kunwari ng tulong na bigas o iba pang suporta ngayong COVID-19, at sa huli ay manghihingi ng pera para sa transportasyon at iba pang gastusin," Malaya explained.

He said that he has already alerted the Philippine National Police – Crime Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) about this modus operandi and they are already working double time to put these scammers behind bars.

The DILG had earlier warned the LGUs and public of similar extortion incidents just last month.

"Kung sinuman sa inyo ang makatanggap ng tawag o texts sa mga taong nagpakilalang ako o sinuman sa mga DILG top officials, magsumbong o makipagugnayan po kayo kaagad sa pinakamalapit na police station para mahuli at maparusahan ang mga impostor na ito," he said.

Malaya clarified that the DILG routes official communications to the DILG regional and field offices and all LGUs via official channels and not through mere texts or calls.

He advised the LGUs to always be cautious and verify first from DILG field when dealing with any person claiming to be connected with the Department.

"Sa mga nasa malalayong munisipyo at kabarangayan, magtungo po kayo kaagad sa pinakamalapit na police station o DILG field office para makasiguro at hindi kayo malinlang ng mga scammer na ito," he said. ***(PIA NCR)***

# Dahil sa walang plakang motorsiklo 'damo' nabisto

**BUKING** ang itinatagong "damo" ng dalawang lalaki na naunang sinita dahil sa walang plaka ang sinasakyang motorsiklo sa Gen. Trias City, Cavite.

Kasong paglabag sa RA 10054, RA 4136 Art. 151 ng RPC at Sec 11 ng RA 9165 ang kinaharap ng mga suspek na sina Jose Santiago Jr., at Rafael Tuipaz, kapwa nasa wastong edad, ng San Francisco, Gen. Trias City.

Sa ulat ni PSSgt Jayson Olivar, ng Gen. Trias City Police Station, dakong alas-11:30 ng gabi ay naglatag ng OPLAN Sita ang mga operatiba ng Gen. Trias CPS sa Brgy San Francisco, kung saan sinita ang mga suspek na magkaangkas sa motorsiklo na walang plaka.

Pero imbes na tumigil ay pinasibad ang kanilang motorsiklo kaya nagkaroon ng habulan at nang naabutan ay narekober sa kanila ang naturang damo.

Ang dalawa ay nakakulong sa Gen. Trias City Custodial Center. ***GENE ADSUARA***

# DHSUD to run after real estate scammers, bogus brokers

**MANILA** – The Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) said it will run after illegal developers and bogus brokers engaged in illegal selling of real estate properties.

Sec. Eduardo del Rosario, the government's housing czar, said the DSHUD will be launching an intensified campaign against illegal activities related to the government's housing and human settlement projects.

"We need to put a stop to these illegal activities through pro-active efforts in collaboration with our stakeholders, including legitimate developers, who are also falling victims to these scammers, and other government agencies," he said in a statement on Wednesday.

Del Rosario ordered DHSUD's regional offices to craft their respective campaigns against real estate scammers, including unscrupulous developers, brokers, and agents engaged in the illegal selling of real estate properties.

DHSUD's top officials were tasked to strengthen collaboration with other government agencies including the Department of Justice (DOJ) and the Department of the Interior and Local Government (DILG) and partner-developers in pursuing efforts to eliminate illegal activities in the housing community.

According to the housing department, the initiative came in the wake of reports that some unregistered developers and real estate brokers are illegally engaging in property selling.

Some are illegally selling lots and housing units as well as preying on unsuspecting buyers through social media.

Based on the Housing and Land use Regulatory Board (HLURB) under Presidential Decree 957—no real estate broker or salesman shall engage in the business of selling subdivision lots or condominium units without being registered.

DHSUD has regulatory power over real estate developers and brokers and salespersons are obliged to register with the DHSUD before engaging in property selling.

"We should protect our home buyers, especially overseas Filipino workers, from these scammers," said del Rosario.

Del Rosario reminded the public to avoid falling prey to unlicensed developers and other bogus brokers or salespeople.

He noted that buyers can demand copies of the "certificate of registration" specifically issued for the property being eyed and the "license to sell.' Both documents are applied with the DHSUD before a project can be advertised or sold.

These documents must ensure that a project is compliant with government requirements and standards, he added.

When in doubt, del Rosario urged home buyers to seek assistance from DHSUD central office or any of its 16 regional offices located nationwide. ***(PNA)***

# MAKIKIPAGTULUNGAN ANG DEPED SA PSC PARA SA NATIONAL ACADEMY OF SPORTS

**Upang mapaunlad ang mas maraming promising mag-aaral sa palakasan, makikipagtulungan ang Department of Education (DepEd) sa Philippine Sports Commission (PSC) sa pagpapatupad at pagtatatag ng National Academy of Sports (NAS) ngayong taon.**

"Ang DepEd at ang PSC, ayon sa katotohanan, ay nagsasama sa mga paunang paghahanda para sa pagbubuo nitong National Academy of Sports (The DepEd and PSC, in fact, are partner in the initial paghahanda para sa pagtatatag ng National Academy of Sports)," Sinabi ng DepEd Undersecretary for Field Operations at Palarong Pambansa Secretariat na si Revsee Escobedo sa isang pahayag na inilabas

Ibinahagi ni Escobedo na ang Kalihim ng DepEd na si Leonor Magtolis Briones ang magiging tagapangulo habang si PSC Chairman William 'Butch' Ramirez ay magiging bise-chairman ng NAS.

Ang layunin ng pagtatatag ng (Ang layunin ng pagtatatag ng) National Academy of Sports ay upang ipatupad ang isang kalidad at pinahusay na pangalawang edukasyon na programa, na isinama sa isang espesyal na kurikulum sa palakasan, "Escobedo said.

Ang NAS ay nilikha noong Hunyo 9, 2020 matapos pirmahan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang Republic Act 11470 o National Sports Academy Act upang magbigay ng isang avenue para sa mga pangalawang mag-aaral na nais na ituloy ang propesyonal na palakasan.

Bumubuo ng isang bagong strand sa sektor ng edukasyon, nilalayon ng NAS System na magdisenyo ng isang espesyal na kurikulum para sa mga iskolar na pang-atletiko, magbigay ng holistikong kalidad na edukasyon sa mga nag-aaral na mahusay sa palakasan, at isama ang lahat ng akademya ng palakasan sa isang sistema ng pamamahala

Nilalayon din ng NAS System na paunlarin, palakasin, at isama ang mga campus sa hinaharap sa sistema at magbigay ng mga pasilidad sa palakasan na pandaigdigan upang makabuo ng mga manlalaro na mapagkumpitensya sa buong mundo.

"Hinahangad ng batas na ito ay makukuha natin ang mga pasilidad sa buong mundo kung saan nagsasanay ang ating mga potensyal na mga kakayahan para sa Mga Laro sa Asya at Olimpiko (The law bertujuan to build world-class amenities where our potensyal na atleta ay sanayin para sa Asian Games and Olympics), "Escobedo said.

Para sa mga susunod na hakbang, lilikha ang samahan ng NAS Road Map,




higit na ituon ang pansin sa pagpapaunlad ng kurikulum, itatayo ang NAS Main Campus, at isulat ang mga manwal sa pagpapatakbo nito upang mapagbuti ang system.

Sa susunod na taon, sinabi niya na ang pokus ay nasa pangunahing campus na kung saan ay ang New Clark City na kung saan matatagpuan ang world-class track oval at swimming pool na ginamit noong 2019 nang mag-host ang bansa ng Southeast Asian Games.

Sinabi niya na papayagan ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA) ang NAS na gamitin ang mga pasilidad para sa pagsasanay ng mga atletang mag-aaral.

Ang NAS ay magkakaroon ng inilaan na PHP1.86 bilyon sa ipinanukalang 2021 na badyet, kung saan ang PHP264 milyon ay para sa mga serbisyo ng tauhan at pagpapanatili at iba pang mga gastos sa pagpapatakbo, at ang PHP1.60 bilyon ay para sa pagpapalabas ng kapital.

Si Briones ay natuwa sa pagdaragdag ng NAS sa sektor ng edukasyon, na maaaring magbigay sa




mga nag-aaral ng higit na avenue upang ituloy ang kanilang pagdadalubhasa.

"Sa ngayon, medyo kumpleto na sa ating [mga programa], mayroon nang mga science high school, mayroon nang mga high school para sa sining, mayroon na ngayong high school para sa sports (Sa ngayon, mayroon kaming kumpletong mga programa, mayroon kaming agham mga high school, mayroon din kaming mga high school para sa sining, at ngayon mayroon kaming high school para sa sports), "she said.



**TINALAKAY** sa lingguhang TOPS Usapang Via zoom online week 18 ni James De Los Santos ang mga update kaugnay ng sa kanyang pagiging world number 1 Kata Player ng Karate. ***(RGN)***

# Zamboanga City wagi sa Chooks 3x3 Leg 4

Bumalik ang Zamboanga City mula sa isang mabilis na exit sa nakaraang leg upang kunin ang kampeonato sa ika-apat na yugto ng Chooks-to-Go Pilipinas 3x3 President's Cup sa Inspire Sports Academy sa Calamba, Laguna noong Martes ng gabi.

Dalawang gabi matapos na maka-shock ang boot sa quarterfinals ng Leg 3, muling nakuha ng Zamboanga City ang lahat ng mga marmol, tinalo ang pamunuan ng Leg 3 na si Butuan sa Leg 4 finals, 21-20.

"Kapag natalo namin ang larong iyon, naramdaman kong nagwasak ang mundo," sabi ni Troy Rike.

"Ngunit naalala ko lang sa sarili ko na kung mag-aalaga tayo ng negosyo, tama tayo, kailangan nating maging kahit na matapos ang isang paga sa kalsada."

At ang kanyang koponan ay nagawa na lang sa oras.

Ang Zamboanga City ay nasa gilid ng tamaan pa ng isa pang malaking bukol matapos ang back-to-back deuces mula kay Chris Dechavez na hinipan ang 20-16 na lead ng koponan nang gumapang pabalik si Butuan upang pilitin ang 20-all tie.

Gayunman, nabigo si Dechavez upang suriin si Santi Santillan, na nag-iisa para sa nakakasakit na rebound sa isang Joshua Munzon na pinalagpas ng dalawa, na pinilit kay Dechavez na gawing masama si Santillan habang ang huli ay nagpunta sa putback sa nalalabi pang 2:34

Sa kalaunan ay napagpasyahan ng foul ang paligsahan nang maubos ni Santillan ang libreng itapon para sa match point.

Nagtapos si Joshua Munzon ng 11 puntos upang pangunahan ang Zamboanga City, na nanalo ng kabuuan na PHP110,000 dahil hindi pinasiyahan ang leg ngunit nagwagi rin ng pinakamabilis na award sa laro matapos na kailanganin lamang ng isang shade na higit sa limang minuto upang itapon ang Pagadian, 21-7, sa pool na laro

Nagdagdag si Santillan ng anim na puntos, habang si Alvin Pasaol ay nakakuha ng tatlo at si Rike ay nag-isa.

Si Dechavez ay nagtala ng 12 markers, habang sina Karl Dehesa at JR Alabanza ay nakuha bawat isa para sa Butuan City, na sa kabila ng runner-up finish ay nakakuha ng PHP100,000 pati na rin para sa paghamon sa Zamboanga City sa finals.

Ang Zamboanga City at Butuan City, na nangunguna sa dalawang binhi pagkatapos ng Leg 4, ay makakakuha ng first-round bye kasama sina Nueva Ecija at Pasig.

Ang iba pang walong koponan sa larangan ay haharap sa isang knockout playoff phase upang matukoy ang huling apat na koponan sa quarterfinals.

Mag uuwi ang grand champion ng PHP1 milyon sa nasabing liga.

# Lumabag sa Anti-Doping Rules," hindi makapaglaro hanggang Mayo 13, 2022

Ang men's world 100-meter champion, Christian Coleman, ay pinagbawalan sa loob ng dalawang taon dahil sa paglabag sa mga patakaran sa anti-doping.

"Pinataguyod ng Disciplinary Tribunal ang singil ng AIU at pinagbawalan ang sprinter na si Christian Coleman ng USA sa loob ng 2 taon sa loob ng 3 Kung saan Nabigo ang mga Pagkabigo sa loob ng 12 buwan, isang paglabag sa World Athletics Anti-Doping Rules," the Athletics Integrity Unit (AIU) sinabi sa Twitter.

Ang panuntunan na kinalalagyan ay nag-uutos sa mga atleta na magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang lokasyon at maging handa para sa mga pagsubok na tinawag na minsan.

Sinabi ng AIU na si Coleman ay hindi maaaring lumitaw sa anumang kompetisyon hanggang Mayo 13, 2022.

Ang 24-taong-gulang na Amerikano ay makaligtaan ang Palarong Olimpiko sa Tokyo sa susunod na tag-init ngunit maaaring mag-apela sa pagpapasya sa Court of Arbitration for Sport.

Si Coleman ay nagwagi ng ginto sa 100-meter at 4x100-meter relay sa Doha noong nakaraang taon

# HANEP SHOWBIZ

## RESPETO, DAPAT TAGLAYIN NG BAWAT TAO- IVANA ALAWI



**NABANGGIT ni Ivana Alawi na mahalagang taglayin dapat ng tao ang respeto.**

Sabi ng aktres, nararapat na igalang lalung-lalo na ang kababaihan.

Hindi kailangang pansinin o tingnan pa ang kasuotan ng babae sa pagbibigay ng respeto rito.

Dapat aniyang ipagkaloob ang respeto sa babae o kahit sa lalaki man.

Ano mang kasuotan ng isang tao ay kailangang ang respeto ay kanilang matamo.

Sa madaling salita ay hindi dapat tumingin sa itsura o kahit anong kasarian ng isang tao.

Ang mensaheng ito ng aktres ay pagpapakita ng kanyang suporta sa karapatan ng isang babae.

Partikular ang isyu na kinakaharap nina Liza Soberano at Catriona Gray.

Naging model din si Ivana at sa trabahong ito ay ilang beses niyang dinanas ang pambabastos.

Isa sa mga klase ng pambabastos na ginagawa ng lalaki ay ang pagpito o pagsipol.

Sa uri ng sipol ay matutukoy naman talaga kung ito ay pambabastos at hindi paghanga.

Sa pagiging isang model ay may pagkakataong nahahawakan pa si Ivana sa katawan, iyon bang tipong tsansing.

Hay naku, bakit nga ba kasi merong mga bastos?

@@@

**PAMBATO NG 'PINAS SA MU**

Ang Ilonga beauty na si Rabiya Mateo ang ating pambato para sa korona ng Miss Universe.

Batiin natin si Rabiya sa pagkakatanghal sa kanya kamakailan bilang bagong Miss Universe Philippines.

Ikalimang Miss Universe crown para sa Pilipinas sakaling papalaring si Rabiya na maiuwi ang titulo.

Last year ay hindi pinalad ang ating pambatong si Gazini Ganados dahil siya ay Top 20 finish lamang sa Miss Universe.

Mula sa Paranaque ang 1st runner-up, 2nd ang Quezon City, 3rd ang Bohol, at 4th ang Cavite.

Sa lahat ng kandidata, binabati namin kayong lahat.







(36

**"MAHAL** mo, meron kang nararamdamang pagmamahal pero 'di mo matiyak sa sarili mo kung sino ang gusto at mahal mo na 'yun."

"Sa mga nakakaharap mong babae, kapag kausap mo sila eh sino sa kanila ang sa tingin mo ay gusto mo?"

Sa mga sinasabi manghuhula kahit paano ay bahagyang nalilinawan si Mikel.

"Si Lirio o si Lea?"

Dalawang babae ang biglang pumasok sa isipan ni Mikel, sina Lea at Lirio.

"Bakit bigla kang natigilan, may naisip ka na bang mga babae na nakakausap mo?

Nahalata si Mikel ng kanyang kausap pero siya man ay nagtaka kung bakit sina Lirio at Lea ang biglang pumasok sa kanyang isip.

Aminin man sa hindi ay gusto ni Mikel si Lirio, katunayan ay binalak na nga niyang ligawan ito.

Alam iyon ng kanyang kaibigang si Dave subalit naudlot nga lamang.

Kaya nga si Dave nga ang muling umuudyok sa kanya para ligawan si Lirio.

Tila nagbago lamang ang ihip ng hangin noong nakita niyang may kausap dati na lalaki si Lea.

Pagkatapos ng eksenang iyon ay mistulang umiba ang pag-ikot ng mundo.

Sa palaging paghaharap nila ni Lea ay animo'y palaisipan sa kanya ang kanilang pag-uusap.

